American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-07, pp-48-67
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# PIDBAK NG GURO AT PAG-UUGALI TUNGO SA PAGKATUTO NG WIKANG FILIPINO: A MIXED METHOD STUDY

Julie Jean P. Dingcong, Conie B. Cerna, MAEd
*Mananaliksik, Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology, Philippines*
*Tagapagturo sa Kapalong College of agriculture, Sciences and Technology, Philippines*

**ABSTRACT**: Ang layunin ng pag-aaral na ito ay tuklasin at ilarawan ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa ilalim ng programang (BSED Filipino). Gumamit ang pag-aaral na ito ng disenyo ng pinaghalo-halong metodo, na may parallel convergent approach. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral sa Mayoryang Filipino ng KCAST. Mayroong 154 na mag-aaral na pinili nang sapalaran para sa kwantitatibo na datos at 14 mag-aaral na pinili para sa kwalitatibo na bahagi. Sa kwantitatibo na bahagi naman ay ipinakita ang mga resulta na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino ay mataas. Bukod pa rito, may positibong katamtamang ugnayan sa pagitan ng kakayahan at kasanayan sa wika ang mga mag-aaral. Sa kwalitatibo na bahagi naman ay ipinakita na ang kanilang mga karanasan at estratehiya sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa Wikang Filipino ay nahubog ng mga iba't ibang salik sa pagkatuto. Dagdag pa, ang mga pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang kakayahan sa paggamit ng Filipino ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagpapalago ng kumpiyansa sa pamamagitan ng praktikal na aplikasyon, paglikha ng suportadong kapaligirang pampagkatuto, paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, pakikilahok na magkakasamang matuto, at patuloy na pag-unlad ng pagkatuto ng wikang Filipino. Ang mga datos mula sa kwantitatibong bahagi ay tumutugma sa resulta ng kwalitatibong bahagi.

***Keywords*** - *pidbak ng guro, pag-uugali tungo sa pagkatuto ng wikang Filipino, mixed methods study, medyor sa Filipino, Pilipinas*

## I. INTRODUKSIYON

Ang mga saloobin patungkol sa pagkatuto ng wika ay naimpluwensiyahan ng masalimuot na ugnayan ng iba't ibang salik tulad ng motibasyon, konteksto ng kultura, at personal na paniniwala, na madalas nagiging mahalagang salik sa tagumpay ng pagkatuto ng wika. Gayunpaman, isang patuloy na hamon ang lumilitaw kapag ang negatibong saloobin o mababang motibasyon ay humahadlang sa pag-unlad ng mga nag-aaral, lalo na sa mga kapaligirang kulang sa sapat na suporta o oportunidad para sa aktuwal na aplikasyon. Ang suliraning ito ay higit pang pinalalala ng mga mag-aaral na, bagama't kinikilala ang kahalagahan ng kasanayan sa wika para sa kanilang propesyonal at personal na pag-unlad, ay nahihirapang mapanatili ang tuloy-tuloy na pagsisikap dahil sa inaakalang kawalan ng kaugnayan, pagkabalisa, o hindi epektibong pamamaraan ng pagtuturo (Pacheco & Carchi, 2024).

Sa isang pag-aaral na isinagawa sa 42 mag-aaral mula sa isang Islamic Senior High School sa Batu, East Java, Indonesia, natuklasan na 40% ng mga mag-aaral ang umamin na nahihirapan silang mapanatili ang motibasyon sa pagkatuto dahil sa limitadong pagkakalantad sa Ingles sa labas ng silid-aralan. Samantala, 35% naman ang tumukoy sa kawalan ng nakakaengganyo at kultural na angkop na estratehiya sa pagtuturo bilang isang mahalagang balakid. Ang mga hamong ito ay nagbigay-diin sa pangangailangan ng mga iniangkop na interbensyon upang mapalakas ang positibong saloobin sa pagkatuto ng wika at malampasan ang mga hadlang na humahadlang sa epektibong pagkatuto (Qimmahtum et al., 2023). Sa Central Luzon, Pilipinas, karaniwang positibo ang saloobin ng mga guro ng ESL patungkol sa wikang Ingles, na nagtatampok ng pagtanggap at praktikal na gamit nito sa pagtuturo. Gayunpaman, may mga hamong lumilitaw kapag ang hindi magkakatugmang pamantayan, mga pagkiling laban sa lokal na baryasyon, o kakulangan sa pagsasanay ng mga guro sa paggamit ng Philippine English ay humahadlang sa mabisang integrasyon nito sa silid-aralan. Ang mga isyung ito ay maaaring makaapekto sa potensyal nito na itaguyod ang pangkulturang pag-unawa, akitin ang interes ng mga mag-aaral, at pahusayin ang kanilang kakayahan sa wika (Babanto et al., 2023).

Ang pag-aaral na Pidbak ng Guro at Pag-uugali Tungo sa Pagkatuto ng Wikang Filipino: A Mixed-Method Study, ay may mahalagang ambag sa lipunan, lalo na sa pagpapalakas ng sistema ng edukasyon at paglinang ng kultura. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa epekto ng pidbak ng guro at saloobin ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Wikang Filipino, naitatampok nito ang mga hamon at oportunidad sa pagpapaunlad ng epektibong pamamaraan ng pagtuturo. Bukod dito, ang pag-aaral na ito ay napapanahon at mahalaga dahil sa patuloy na hamon ng pagpapalakas ng kasanayan sa Wikang Filipino sa harap ng modernisasyon at globalisasyon. Sa kasalukuyan, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa paggamit at pag-unawa sa Filipino dahil sa impluwensiya ng iba pang wika at kakulangan ng epektibong estratehiya sa pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay-diin sa agarang pangangailangan na maunawaan kung ang pidbak ng guro ay maaaring magpabuti o makaapekto sa saloobin at motibasyon ng mga mag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa maraming pag-aaral, kabilang ang pag-aaral ni Kim (2024) na may pamagat na "Balancing Feedback for Optimal Learning: Evaluative and Descriptive Methods in English Language Classrooms," at ang pag-aaral nina Yuan et al. (2023) na pinamagatang "Students' Attitudes toward

Language Learning and Use in English-medium Instruction (EMI) Environments: A Mixed Methods Study." Ang parehong pag-aaral ay nakatuon sa iba't ibang aspekto ng pagkatuto ng wikang Ingles, na nagbibigay ng mahahalagang pananaw sa kung paano ang pidbak at saloobin ay nakakaapekto sa pagkatuto ng wika. Gayunpaman, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na tiyak na tumutukoy sa Pidbak ng Guro at Pag-uugali Tungo sa Pagkatuto ng Wikang Filipino sa Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology (KCAST) sa Barangay Maniki, Kapalong, Davao del Norte. Bukod dito, kakaunti ang mga pag-aaral na gumagamit ng mixed-method approach upang masusing suriin kung paano naaapektuhan ng pidbak ng guro ang saloobin ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ginamit ng pag-aaral na ito ang convergent parallel mixed method approach upang masuri ang ugnayan sa pagitan ng Pidbak ng Guro at Saloobin sa Pagkatuto ng Wika ng mga mag-aaral na kumukuha ng major sa Filipino. Layunin nitong sabay na makalikom ng datos na kantitatibo at kwalitatibo, pagsamahin ang mga natuklasan, at gamitin ang mga ito upang matugunan ang suliranin ng pananaliksik, na nagreresulta sa mas malalim na pag-unawa sa pamamagitan ng pinagsamang pagsusuri. Partikular, layon nitong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang antas ng pidbak ng guro at saloobin sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral na kumukuha ng major sa Filipino?
2. Ano ang ugnayan ng pidbak ng guro at pag-uugali tungo sa pagkatuto ng wikang filipino?
3. Ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral kaugnay ng pidbak na ibinigay ng mga guro sa pagpapabuti ng kanilang pagkatuto sa wikang Filipino?
4. Ano ang mga pananaw ng mga mag-aaral sa epekto ng pidbak ng guro sa pag-unlad ng kanilang kasanayan at interes sa pagkatuto sa wikang Filipino?
5. Sa anong antas nagtutugma ang datos na kantitatibo sa datos na kwalitatibo?

## III.PAMAMARAAN

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed methods na disenyo, na kinabibilangan ng kumbinasyon ng koleksyon at pagsusuri ng datos na parehong kwantitatibo at kwalitatibo sa iisang pag-aaral. Bukod dito, ang mixed methods na pananaliksik ay may mahalagang gampanin na lumalampas sa simpleng beripikasyon ng datos. Sa pamamagitan ng maayos na pagsasanib ng mga kantitatibo at kwalitatibong pamamaraan, nagbibigay ito ng mas komprehensibo at holistikong perspektibo ukol sa paksa ng pag-aaral. Pinahuhusay nito ang pag-unawa, inihahayag ang komplikasyon, pinatitibay ang bisa at kredibilidad, at nagtataguyod ng kolaborasyong interdisiplinaryo (George, 2021).

Ang disenyo ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito ay convergent parallel mixed method. Sa pamamaraang ito, binibigyan ng pantay na halaga ang mga bahaging kwantitatibo at kwalitatibo, at ang mga natuklasan mula sa bawat aspeto ay inihahambing, pinagkokontrahan, at isinama upang matukoy ang mga bahagi ng pagkakatulad, pagkakaiba, at pagkakaugnay. Pinahihintulutan nito ang mananaliksik na ma-triangulate ang datos at makabuo ng mas malalim at mas masalimuot na pananaw ukol sa pinag-aaralang phenomenon. Ang pangunahing benepisyo ng disenyo ng convergent parallel ay ang kakayahang pagsamahin ang mga kalakasan ng parehong kwantitatibo at kwalitatibong metodo, na nagdudulot ng mas kumpleto at matatag na pag-unawa sa masalimuot at maraming aspeto ng paksang pananaliksik (Tomasi et al., 2018).

## IV.RESULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 3**
**Antas sa Pidbak ng Guro**

| ***No.*** | ***Items*** | ***Mean*** | **Deskripsyon** |
|---|---|---|---|
| **Pidbak sa Beripikasyon (nakabubuo)** | | | |
| 1. | ang aming guro ay naka pokus sa obserbasyon at hindi sa paghihimasok ng aming buhay. *(Our teacher focuses on observation and not on interfering in our lives)* | 4.35 | Napakataas |
| 2. | ang aming guro ay naka pokus sa aming pag-uugali at hindi sa aming pagkatao. *(Our teacher focuses on our behavior and not on our personality)* | 4.08 | Mataas |
| 3. | ang aming guro ay naka-pokus sa mga bagay na maaari pang mabago. *(Our teacher focuses on things that can still be improved)* | 4.30 | Napakataas |
| 4. | ang aming guro ay nagbibigay ng mga rekomendasyon at solusyon. *(Our teacher provides reccomendations and solutions)* | 4.48 | Napakataas |
| ***5.*** | ang pidbak ng aming guro ay tiyak sa aming mga gawain. *(The feedback from our teacher is specific to our tasks)* | 4.42 | Napakataas |
| **Kabuoan** | | **4.33** | **Napakataas** |
| **Pidbak na Pagtulong** | | | |
| **1.** | ang aming guro ay nagbibigay ng mga tamang sagot *(Our teacher provides the correct answers)* | 4.41 | Napakataas |
| ***2.*** | ang aming guro ay nagbibigay ng pansin sa mga kamalian na aming nagawa. *(Our teacher pays attention to the mistakes we made)* | 4.37 | Napakataas |
| ***3.*** | ang aming guro ay nagbibigay ng mga karagdagang impormasyon, mga pahiwatig, o mga tagubilin na may kasamang tamang sa got para sa mga pagkakamali na aming nagawa. *(Our teacher provides additional information, hints, or instruction along with the correct answer for the mistakes we made)* | 4.47 | Napakataas |
| *4.* | ang aming guro ay nagpahahayag na hindi tama ang aming mga sinasabi at itinuturo kung paano ang tamang pag-pahayag. *(Our teacher expresses that what we are saying is incorrect and teaches how to state it correctly)* | 4.32 | Napakataas |
| *5.* | an gaming guro ay inaayos an gaming mga pagkakamali at ibibigay ang mga tamang sagot nang hindi direktang sasabihin na mali an gaming ginawa. *(Our teacher corrects our mistakes and provide the correct answers without directly saying that what we did was wrong)* | 4.48 | Napakataas |
| **Kabuoan** | | **4.41** | Napakataas |
| **Papuri** | | | |
| 1. | Ang aming guro ay nagbibigay ng komento o tugon pagkatapos ng ibinigay na aktibidad. (*Our teacher provides comments or feedback after the assigned activity)* | 4.44 | Napakataas |
| 2. | Ang aming guro ay sinusuri o inuulit ang mga pangunahing punto ng instruksyon, na higit pang nagpapatibay sa aming pagkatuto. *(Our teacher reviews or reiterates the key points of instruction, further reinforcing our learning)* | 4.48 | Napakataas |

| | | |
|---|---|---|
| 3. Ang aming guro ang nagsilbing tagasuporta sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang paliwanag o gabay. *(Our teacher serves as a supporter in teaching by providing additional explanations or guidance)* | 4.55 | Napakataas |
| 4. Ang aming guro ay nagbibigay ng agarang mga paliwanag na nakatutulong upang maunawaan ang isang konsepto at malaman kung saan nagkamali at bibigyan ito ng solusyon. *(Our teacher provides immediate explanations that help us understand a concept, identify where we went wrong, and offers solutions)* | 4.44 | Napakataas |
| 5. Ang aming guro ay pinapaunlad ang mga kakayahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pidbak o komento. *(Our teacher develops our skills by providing feedback or comments)* | 4.53 | Napakataas |
| **Kabuoan** | **4.49** | **Napakataas** |
| **Mga pakinabang ng pidbak** | | |
| 1. ang aming guro ay tinutulungan kami na matukoy ang aming mga lakas sa pamamagitan ng pagbibigay ng pidbak. *(Our teacher helps us identify our strengths by providing feedback)* | 4.46 | Napakataas |
| 2. ang aming guro ay nagbibigay ng pidbak na nakatutulong na mas maging malinaw at maunawaan ang mga paksang itatalakay. *(Our teacher provides feedback that helps clarify and enhance our understanding of the topic to be discussed)* | 4.48 | Napakataas |
| 3. ang pidbak ng aming guro ang naging daan na makita ang aming mga kakulangan *(The feedback from our teacher serves as a way to identify our shortcomings)* | 4.46 | Napakataas |
| 4. ang pidbak ng aming guro ang nakatutulong na malaman kung paano maging matagumpay. *(The feedback from our teacher helps us understand how to be successful)* | 4.43 | Napakataas |
| 5. ang pidbak ng aming guro ang nagbibigay motibasyon na mas pagbutihin pa ang pag-aaral. *( The feedback from our teacher provides motivation to improve our studies)* | 4.49 | Napakataas |
| **Kabuoan** | **4.46** | **Napakataas** |
| **Estruktura ng Pidbak** | | |
| 1. ang aming guro ay nagbibigay ng maliwanag na pidbak *(Our teacher provides clear feedback)* | 4.43 | Napakataas |
| 2. ang aming guro ay nagbibigay ng pidbak na madaling maintindihan. *(Our teacher provides feedback that is easy to understand)* | 4.48 | Napakataas |
| 3. ang aming guro ay nagbibigay ng konstrak at positibong pidbak sa aming mga Gawain. *(Our teacher provides constructive and positive feedback on our work)* | 4.43 | Napakataas |
| 4. ang aming guro ay nagbibigay ng detalyadong pidbak na may kasamang mga personal na komento. *(Our teacher provides detailed feedback along with personal comments)* | 4.41 | Napakataas |
| 5. ang guro ay nagbibigay ng pidbak para sa repleksyon ng aming mga Gawain. | 4.43 | Napakataas |

| | | |
|---|---|---|
| *(Our teacher provides feedback for the reflection on our work)* | 4.44 | Napakataas |
| **Kabuoan** | | |
| **Negatibong pidbak** | | |
| 1. ang aming guro ay nagbibigay ng pidbak na nakatuon lamang sa mga pagmamarka. *(Our teacher provides feedback that focuses only on grading)* | 3.95 | Mataas |
| 2. ang aming guro ay tinitiyak na maitama an gaming mga pagkakamali matapos ang pagbibigay ng mga pidbak. *(Our teacher ensures that we correct our mistakes after providing feedback)* | 4.38 | Napakataas |
| 3. ang aming guro ay nagbibigay ng kaunting pidbak sa proseso ng aming pagkatuto. *(Our teacher provides some feedback on the process of our learning)* | 4.12 | Mataas |
| 4. ang aming guro ay nagbibigay ng pidbak kung paano mapabuti ang mga pagkakamali na aming nagawa. *(Our teacher provides feedback on how to improve the mistakes we made)* | 4.35 | Napakataas |
| 5. ang aming guro ay nagbibigay ng maraming negatibong puna habang nagbibigay ng pidbak. *(Our teacher provides a lot of negative comments while giving feedback)* | 3.80 | Mataas |
| **Kabuoan** | **4.12** | **Mataas** |

**Pidbak sa Beripikasyon (nakabubuo).** Makikita sa Talahanayan 3 ang mga tugon ng mga mag-aaral na major sa Filipino, na nakakuha ng kabuuang mean na 4.33 na may deskriptibong interpretasyon na napakataas. Ipinapahiwatig nito na ang nasabing aspeto ay palaging naipapamalas ng mga mag-aaral sa Filipino. Sa ilalim ng indikator na ito, ang item bilang 4- Ang aming guro ay nagbibigay ng mga rekomendasyon at solusyon ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.48 na may deskriptibong katumbas na napakataas. Samantala, ang item na may pinakamababang rating ay item bilang 2-Ang aming guro ay naka-pokus sa aming pag-uugali at hindi sa aming pagkatao na may mean na 4.08 na may deskriptibong katumbas na mataas.

**Pidbak na Pagtulong (Pagtutuwid)**. Makikita sa Talahanayan 3 ang mga tugon ng mga mag-aaral na major sa Filipino, na nakakuha ng kabuuang mean na 4.41 na may deskriptibong interpretasyon na Napakataas. Ipinapahiwatig nito na ang pidbak na pagtutuwid ay palaging naipapamalas ng mga respondante. Sa ilalim ng indikator na ito, ang item bilang 5- Ang aming guro ay inaayos ang aming mga pagkakamali at ibinibigay ang tamang sagot nang hindi direktang sinasabi na mali ang aming ginawa ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.48 na may deskriptibong katumbas na Napakataas. Samantala, ang item na may pinakamababang rating ay item bilang 4- Ang aming guro ay nagpapahayag na hindi tama ang aming mga sinasabi at itinuturo kung paano ang tamang pagpapahayag na may mean na 4.32 at deskriptibong katumbas na napakataas.

**Papuri (Pormatib)**. Makikita sa Talahanayan 3 ang mga tugon ng mga mag-aaral na major sa Filipino, na may kabuuang mean na 4.49 na may deskriptibong interpretasyon na napakataas. Ang pinakamataas na naitalang item ay item bilang 3- Ang aming guro ang nagsilbing tagasuporta sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang paliwanag o gabay na may mean na 4.55 at deskriptibong katumbas na napakataas. Samantala, ang pinakamababang naitalang mga item ay item bilang 1- Ang aming guro ay nagbibigay ng komento o tugon pagkatapos ng ibinigay na aktibidad at item bilang 4- Ang aming guro ay nagbibigay ng agarang mga paliwanag na nakatutulong upang maunawaan ang isang konsepto at malaman kung saan nagkamali at bibigyan ito ng solusyon na may parehong mean na 4.44 at deskriptibong katumbas na napakataas.

**Mga Pakinabang ng Pidbak**. Makikita sa Talahanayan 3 ang mga tugon ng mga mag-aaral na major sa Filipino, na may kabuuang mean na 4.46 na may deskriptibong interpretasyon na napakataas. Ipinapahiwatig nito na malaki ang naiaambag ng pidbak ng guro sa pagkatuto at pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang pinakamataas na naitalang item ay item bilang 5- Ang pidbak ng aming guro ang nagbibigay motibasyon na mas pagbutihin pa ang pag-aaral na may mean na 4.49 at deskriptibong katumbas na napakataas. Samantala, ang item na may pinakamababang rating ay item bilang 4- ang pidbak ng aming guro ang nakatutulong na malaman kung paano maging matagumpay na may mean na 4.43 at deskriptibong katumbas na napakataas.

**Estruktura ng Pidbak**. Makikita sa Talahanayan 3 ang mga tugon ng mga mag-aaral na major sa Filipino, na may kabuuang mean na 4.44 na may deskriptibong interpretasyon na napakataas. Ipinapahiwatig nito na ang estruktura ng pidbak na ibinibigay ng mga guro ay malinaw at epektibo para sa mga mag-aaral. Ang pinakamataas na naitalang item ay item bilang 2- Ang aming guro ay nagbibigay ng pidbak na madaling maintindihan na may mean na 4.48 at deskriptibong katumbas na napakataas. Samantala, ang item na may pinakamababang rating ay item bilang 4- Ang aming guro ay nagbibigay ng detalyadong pidbak na may kasamang mga personal na komento na may mean na 4.41 at deskriptibong katumbas na napakataas.

**Negatibong Pidbak**. Makikita sa Talahanayan 1.2 ang mga tugon ng mga mag-aaral na major sa Filipino, na may kabuuang mean na 4.12 na may deskriptibong interpretasyon na mataas. Ang pinakamataas na naitalang item ay item bilang 2- Ang aming guro ay tinitiyak na maitama ang aming mga pagkakamali matapos ang pagbibigay ng mga pidbak na may mean na 4.38 at deskriptibong katumbas na napakataas. Samantala, ang pinakamababang naitalang item ay item bilang 5- Ang aming guro ay nagbibigay ng maraming negatibong puna habang nagbibigay ng pidbak" na may mean na 3.80 at deskriptibong katumbas na mataas. Ipinapahiwatig nito na bagama't nararanasan ang negatibong puna, hindi ito labis na ipinapamalas ng mga guro, marahil upang mapanatili ang positibong kapaligiran sa pagkatuto.

**Talahanayan 4**
**Antas ng Pag-uugali tungo sa Pagkatuto ng Wikang Filipino**

| *No.* | *Items* | *Mean* | *Description* |
|---|---|---|---|
| **Pag-uugaling Aspekto ng Pagtingin sa Wika** | | | |
| 1. | nag-aalala ako kapag nagsasalita ako ng Filipino kahit saan. *(Speaking Filipino anywhere makes me feel worried)* | 4.41 | Mataas |
| 2. | gusto kong magbahagi ng mga opinyon tuwing may klase Filipino. *(I like to give opinions during Filipino lessons)* | 4.37 | Mataas |
| 3. | nakakaya kong ituon ang aking atensyon kapag nag-aaral ng Filipino. *(I am able to make myself pay attention during studying English)* | 4.47 | Mataas |
| 4. | *ang pag-aaral ng Filipino ay nagbibigay sa akin ng mas malaking kumpiyansa sa pagpapahayag ng sarili.* *(Studying Filipino makes me have more confidence in expressing myself)* | 4.17 | Mataas |
| 5. | hindi ako kampante tuwing kailangan kong magsalita sa klase ko sa Filipino. *(I am not relaxed whenever I have to speak in my Filipino class)* | 3.62 | Mataas |
| **Kabuoan** | | **3.86** | **Mataas** |
| **Aspektong Kognitibo ng Pagtingin sa Wika** | | | |
| 1. | mahalaga ang pag-aaral ng Filipino dahil mas magpapalawak ito ng aking kaalaman. *(Studying Filipino is important because it will make me more educated)* | 4.37 | Napakataas |
| 2. | mas marami akong nalalaman at mas nauunawaan ko kapa, nag-aaral ako ng Filipino. *(I have more knowledge and more understanding when studying Filipino)* | 4.34 | Napakataas |
| 3. | gustong-gusto ko ang klase kapag ang asignatura ay Filipino at eksayted akong pag-aralan pa ang Filipino sa hinaharap. *(I like my Filipino class so much; I look forward to studying more English in the future)* | 4.19 | Mataas |
| 4. | hindi ko kayang ibuod ang mga mahahalagang punto na nilalaman ng asignaturang Filipino nang mag-isa. *(I cannot summarize the important points in the Filipino subject content by myself)* | 3.65 | Mataas |

| | | |
|---|---|---|
| 5. ang pag-aaral ng Filipino ay nakatutulong sa akin na makipag ugnayan gamit ang Filipino. *(Studying Filipino helps me communicate in Filipino effectively)* | 4.15 | Mataas |
| **kabuoan** | **4.14** | **Mataas** |
| **Emosyonal na Aspekto ng Pagtingin sa Wika** | | |
| 1. nakakaramdam ako ng kasiyahan kapag ako ay nakikipagkomunika gamit ang Filipino sa ibang tao. *(I feel excited when I communicate in English with others)* | 4.21 | Mataas |
| 2. hindi ako kinakabahan kapag kailangan kong sumagot sa mga katanungan sa oras ng klase ko sa Filipino. *(I don't get anxious when I have to answer a question in my Filipino class)* | 3.91 | Mataas |
| 3. nakakaramdam ako ng kasiyahan tuwing ako ay nag aaral ng Filipino. *(Studying Filipino makes me have good emotions)* | 4.13 | Mataas |
| 4. nag-eenjoy ako sa mga gawain sa Filipino. *(I enjoy doing activities in Filipino)* | 4.14 | Mataas |
| 5. nais ko na maging matatas sa pagsasalita ng Filipino. *(I wish I could speak Filipino fluently)* | 4.45 | Napakataas |
| **Kabuoan** | **4.17** | **Mataas** |

**Pag-uugaling Aspekto ng Pagtingin sa Wika.** Makikita sa Talahanayan 4 ang mga tugon ng mga mag-aaral na major sa Filipino, na may kabuuang mean na 3.86 na may deskriptibong interpretasyon na *mataas.* Ipinapahiwatig nito na ang kanilang pag-uugali patungkol sa pag-aaral ng Filipino ay positibo, bagama't may ilang aspekto na maaaring mapahusay pa. Ang pinakamataas na naitalang item ay item bilang 3-.nakakaya kong ituon ang aking atensyon kapag nag-aaral ng Filipino na may mean na 4.47 at deskriptibong katumbas na Mataas. Ipinapakita nito na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nakararanas ng pagtaas ng kumpiyansa sa kanilang kakayahang magsalita at ipahayag ang kanilang sarili sa Filipino. Samantala, ang pinakamababang naitalang item ay item bilang 5- Hindi ako kampante tuwing kailangan kong magsalita sa klase ko sa Filipino" na may mean na 3.62 at deskriptibong katumbas na mataas.

**Aspektong Kognitibo ng Pagtingin sa Wika**. Makikita sa Talahanayan 4 ang mga tugon ng mga mag-aaral na major sa Filipino, na may kabuuang mean na 4.14 na may deskriptibong interpretasyon na mataas. Ipinapahiwatig nito na madalas itong pinapakita ng respondante ng pag-aaral. Ang pinakamataas na naitalang item ay item bilang 1- mahalaga ang pag-aaral ng Filipino dahil mas magpapalawak ito ng aking kaalaman na may mean na 4.37 at deskriptibong katumbas na napakataas. Samantala, ang pinakamababang naitalang item ay item bilang 4- Hindi ko kayang ibuod ang mga mahahalagang punto na nilalaman ng asignaturang Filipino nang mag-isa na may mean na 3.65 at deskriptibong katumbas na mataas.

**Emosyonal na Aspekto ng Pagtingin sa Wika**. Makikita sa Talahanayan 4 ang mga tugon ng mga mag-aaral na major sa Filipino, na may kabuuang mean na 4.17 na may deskriptibong interpretasyon na mataas. Ipinapahiwatig nito na may positibong damdamin ang mga mag-aaral patungkol sa paggamit at pag-aaral ng Filipino, bagama't may ilang aspekto na may bahagyang pag-aalinlangan. Ang pinakamataas na naitalang item ay item bilang 5- Nais ko na maging matatas sa pagsasalita ng Filipino na may mean na 4.45 at deskriptibong katumbas na Napakataas. Samantala, ang pinakamababang naitalang item ay item bilang 2- Hindi ako kinakabahan kapag kailangan kong sumagot sa mga katanungan sa oras ng klase ko sa Filipino na may mas mababang mean.

**Talahanayan 5**
**Karanasan ng mga mag-aaral sa BSED Filipino sa pidbak ng Guro**

| **Isyung Sinuri** | **Pangunahing Ideya** | **Code/Kategorya** | **Pangunahing Tema** | **Teoritikal na Suporta** |
|---|---|---|---|---|
| Hamon sa pagtanggap ng negatibong uri ng pidbak mula sa guro | • Nakatutulong ang negatibong pidbak sa pagpalawak ng kaalaman at pag-unawa sa mga aralin.<br>• Pagtanggap ng negatibong pidbak sa | Nakatanggap ng mga Negatibong Komento Mula sa Guro | Pagtanggap ng negatibong pidbak bilang hamon sa pagkatuto | **Teoryang Self Efficacy** (Sel Efficacy Theory) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pagsusuri sa pag konstruct ng salita.<br>• Pagkawala ng kumpyansa at tiwala sa sarili na apektado ang perpormans.<br>• Nakaririnig ng negatibo at positibong pidbak sa ilang buwang pag-aaral<br>• Nagiging hamon ang pagtanggap ng positibo at negatibong pidbak sa kumpyansa sa sarili na pag-igihan pa sa susunod | | | |
| | • Hamon sa pagpapalawak ng tiwala sa sarili at pagtanggap ng mga komento na mag pursigi upang maging maunlad<br>• Hamon na naranasan sa kakulangan ng tiwala sa sarili mula sa pagtanggap ng pidbak sa guro<br>• Hamon sa pagtanggap ng direktang komento sa kakulangan ng tiwala sa sarili | Hamon sa pagtanggap ng pidbak mula sa guro | | |
| Epekto ng postibong pidbak/konsultasyon ng guro sa pagtutuwid at pangangailangan ng mag-aaral | • Nakatutulong ang pidbak ng guro sa mga mag-aaral na magampananan ang mga mga kakulangan at pag-unlad sa sarili.<br>• Nakatutulong ang pidbak ng guro sa pag-unlad sa mga pagkakamali sa sarili.<br>• Nakakatuwa ang patuloy na pagtanggap ng positibong pidbak upang mas pag igihan ang mga aralin patungkol sa wika<br>• Paunlarin ang sarili para sa kinabukasan.<br>• Nakatutulong ang positibong komento sa lakas at kumpyansa sa kakayahang sumulat at magpahayag. | Epekto ng positibong pidbak sa pag-unlad sa sarili | Nakatutulong ang positibong konsultasyon sa pagtutuwid at pangangailangan ng mag-aaral | **Teoryang Pandama sa sarili** (self-Perception Theory) |
| | • Nakatutulong ang pagtanggap ng | Kahalagahan ng Regular na | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | karagdagang pidbak o konsultasyon mula sa guro sa paglilinaw ng mga konsepto na mag-isip ng malalim sa mga ginagawa.<br>• Malaking tulong ang konsultasyon na maunawaan ang mahirap na bahagi na mas mapabuti ang kasanayan.<br>• Nakatutulong ang pidbak o konsultasyon mula sa guro na pagbutihin ang pag-aaral sa mga aralin.<br>• Nakatutulong ang Regular na pag-uusap sa paglikha ng personal na pagtuturo at pidbak upang malaman ang pangangailangan at mga kasagotan na naka batay sa bawat indibidwal.<br>• Nakabubuti ang Regular na konsultasyon sa malinaw na puna para sa pagtutuwid at pagpapahalaga na magsumikap ang mag-aaral na may kumpyansa at masigasig sa pagkatuto ng wikang Filipino.<br>• Nakatutulong ang regular na konsultasyon na maging malinaw ang mga aralin sa pagkatuto ng wikang Filipino | Konsultasyon sa mga Mag-aaral na Nangangailangan ng Gabay | | |
| | • Nakaaapekto ang Good pidbak at karanasan sa pagkatuto at pag boost ng kumpyansa sa sarili na gawin ang mga aktibidad<br>• Nadagdagan ang kumpyansa sa sarili na gawin ang mga bagay mula sa pagtanggap ng positibong pidbak | Positibong epekto ng pidbak sa kumpyansa sa sarili | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Nakatutulong ang pagtanggap ng positibong pidbak sa pagpapalakas ng loob na kakayaning matuto at mag improve<br>• Nakatutulong ang positibong pidbak sa pag build ng kumpyansa sa sarili | | | |

Ang antas ng pidbak ng guro, batay sa **pidbak sa beripikasyon**, ay napakataas, na nangangahulugang ito ay palaging naipapakita ng mga mag-aaral na major sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang kanilang mataas na antas ng pagtanggap at pagsasabuhay ng pidbak ng guro ay maaaring makatulong sa patuloy na pag-unlad ng kanilang kaalaman at kasanayan sa asignaturang Filipino. Ang epektibong paggamit ng pidbak ay maaaring magdulot ng mas malalim na pag-unawa at pagpapabuti sa kanilang akademikong pagganap, kaya't nararapat itong higit pang palakasin sa pamamagitan ng mas sistematikong pamamaraan ng pagtuturo at pagtatasa.

Ito ay konektado sa pag-aaral na nagpapahayag na ang **verification feedback**, hindi tulad ng detalyadong pidbak na sagot, ay nagbibigay lamang ng simpleng kumpirmasyon sa mga mag-aaral kung tama o mali ang kanilang napiling sagot sa multiple-choice. Nakakatulong ang ganitong uri ng pidbak sa mga estudyante na matukoy at maiwasan ang mga maling opsyon, at nakatuon ang kanilang pansin sa tamang sagot. Bagama't epektibo ang verification feedback sa pagpapatibay ng tamang sagot at pagpapanatili ng kawastuhan, kulang ito sa lalim ng paliwanag na iniaalok ng answer feedback , Selvaraj et al., (2021),

Bukod dito, ang **verification feedback** ay nagbibigay ng karagdagang konteksto o paglilinaw upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan kung bakit tama o mali ang isang sagot. Dahil dito, ang verification feedback ay epektibo sa pagpapadali ng pagwawasto ng pagkakamali at pagsusulong ng mas malalim na pagkatuto. Bagama't epektibo ito sa pagtutok sa tamang sagot at pagpapalakas ng kumpiyansa ng mag-aaral, limitado ang kakayahan nitong magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga konsepto. Samakatuwid, ang pagsasama ng mas detalyado at paliwanag na feedback ay mas nakakatulong sa pagpapadali ng pagwawasto ng mga pagkakamali at pagsusulong ng mas malalim na pagkatuto, Marbibi (2022).

Ang antas ng pidbak ng guro, batay sa **Pidbak na Pagtulong (Pagtutuwid),** ay napakataas, na nangangahulugang ito ay palaging naipapakita ng mga mag-aaral na major sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral ay aktibong tumatanggap at nagsasabuhay ng gabay at pagtutuwid mula sa kanilang guro, na nagreresulta sa patuloy na pag-unlad ng kanilang kasanayan sa wika. Ang mataas na antas ng pidbak na ito ay nagpapakita ng kanilang pagiging bukas sa pagkatuto at pagpapabuti, kaya't mahalagang patuloy itong pagyamanin upang higit pang mapahusay ang kanilang akademikong kahusayan sa asignaturang Filipino.

Ayon sa isang pag-aaral, Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pagkakamali at pagbibigay ng mga tiyak na mungkahi para sa pagpapabuti, ang corrective feedback ay may mahalagang papel sa pagpapadali ng pagkatuto ng wika. Tinutulungan nito ang mga mag-aaral na maisapuso ang mga tuntuning lingguwistiko, linangin ang kanilang kasanayan sa wika, at magkaroon ng kumpiyansa sa wastong paggamit ng wika, Liu (2022),

Ito ay nagbibigay diin na pinapalakas ng **facilitative feedback** ang pakiramdam ng pananagutan sa pagkatuto, binibigyan ang mga estudyante ng kapangyarihan na magtakda ng mga layunin, tasahin ang kanilang pag-usad, at bumuo ng mga epektibong estratehiya para sa pagpapabuti. Ang ganitong pamamaraan ay hindi lamang tumutulong sa pagpapalakas ng kumpiyansa at motibasyon ng mga estudyante kundi nag-aambag din sa mas malalim na pag-unawa sa aralin at tuloy-tuloy na pag-unlad sa akademikong larangan, na sa huli ay nagdudulot ng makabuluhang pagbuti sa kanilang pagganap De Wijse-Van Heeswijk (2023),

Ang antas ng pidbak ng guro, batay sa **Pidbak na Papuri (Pormatib)**, ay napakataas, na nangangahulugang ito ay palaging naipapakita ng mga mag-aaral na major sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang positibong pagpapahalaga at pagkilala ng guro sa kanilang pagganap ay may malaking epekto sa kanilang motibasyon at kumpiyansa sa pagkatuto. Ang mataas na antas ng papuri ay nagpapakita ng patuloy na pagsisikap ng mga mag-aaral na mapanatili at mapabuti ang kanilang kasanayan, kaya't mahalagang ipagpatuloy ang pagbibigay ng makabuluhang papuri upang lalo pang mapalakas ang kanilang akademikong pagganap sa asignaturang Filipino.

Ang papuri ay maaaring magsilbing porma ng pormasyon, na may malaking epekto sa motibasyon, pagkatuto, at pagsasaayos ng pag-uugali ng mga kabataan. Ang mga epekto nito ay nag-iiba-iba sa bawat yugto ng pag-unlad, kung saan ang partikular na uri ng papuri ay maaaring magtaguyod ng pagsunod at paglahok sa maagang pagkabata, samantalang ang pananaw sa papuri ay nagbabago sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata, na may impluwensya sa pagpapahalaga sa sarili at paniniwala sa kakayahan (Corpus and Good (2020),

Ang Antas ng pidbak ng guro, batay sa mga pakinabang ng pidbak, ay napakataas, na nangangahulugang ito ay palaging naipapakita ng mga mag-aaral na major sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang pidbak ng guro ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng kanilang pagkatuto, kasanayan, at akademikong pagganap. Dahil dito, nagiging mas epektibo ang kanilang pag-unawa at aplikasyon ng mga konsepto sa asignaturang Filipino. Ang mataas na antas ng pakinabang mula sa pidbak ay nagpapakita ng kahalagahan ng patuloy at makabuluhang interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral upang higit pang mapaunlad ang kanilang kakayahan at tiwala sa sarili sa kanilang larangan.

kabilang sa **functionality of feedback** ay ang pidbak mula sa mga estudyante ay may maraming tungkulin, kabilang ang pagpapadali ng kritikal na pagninilay, pagtukoy sa mga pagkukulang, at paghahambing ng kalidad ng pagtuturo mula sa pananaw ng mga estudyante. Ito ay tumutulong sa mga guro sa kanilang personal na pag-unlad, pinapalakas ang kanilang mga pamamaraan ng pagtuturo, at nagtataguyod ng isang kultura ng bukas na komunikasyon tungkol sa pagtuturo at pagkatuto (Muste, 2020).

Ang Antas ng pidbak ng guro, batay sa estruktura nito, ay napakataas, na nangangahulugang ito ay palaging naipapakita ng mga mag-aaral na major sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang malinaw, organisado, at sistematikong paraan ng pagbibigay ng pidbak ay lubos na nakatutulong sa kanilang pagkatuto. Ang mataas na antas ng estrukturang pidbak ay nagpapakita ng epektibong pagtuturo, kung saan ang mga mag-aaral ay mas madaling nauunawaan at naipapabago ang kanilang kaalaman at kasanayan. Dahil dito, mahalagang mapanatili at higit pang paghusayin ang maayos na estruktura ng pidbak upang patuloy na mapaunlad ang kanilang akademikong pagganap at kakayahan sa asignaturang Filipino.

Ang istruktura ng pidbak ay tumutukoy sa organisado at sistematikong paraan ng pagpapahayag ng impormasyon tungkol sa pagganap o pag-uugali ng mga mag-aaral. Ang isang mahusay na estruktura ng pidbak ay karaniwang binubuo ng mahahalagang bahagi tulad ng pagtukoy sa partikular na mga kalakasan, pagbibigay-diin sa mga aspetong nangangailangan ng pagpapabuti, pag-aalok ng mga kongkretong mungkahi, at pagtatapos sa pamamagitan ng pagpapalakas ng loob o pagpapatibay. Ang ganitong pamamaraan ay nagsisiguro ng kalinawan, kaugnayan, at bisa, na tumutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang pidbak at magamit ito upang mapabuti ang kanilang mga resulta sa pag-aaral, Bhattacharyya et al. (2020),

Antas ng pidbak ng guro, batay sa **negatibong pidbak**, ay mataas, na nangangahulugang ito ay madalas na ipinapakita ng mga mag-aaral na major sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang kritikal na komento o pagtutuwid ng guro ay may mahalagang papel sa kanilang pagkatuto, dahil ito ay nagbibigay ng pagkakataon upang maitama ang kanilang pagkakamali at mapaunlad ang kanilang kasanayan. Ang mataas na antas ng negatibong pidbak ay nagpapakita ng bukas na pagtanggap ng mga mag-aaral sa konstrukitbong pagpuna bilang bahagi ng kanilang akademikong pag-unlad. Dahil dito, mahalagang tiyakin na ang negatibong pidbak ay naipapahayag sa paraang makabuo at nakapagpapalakas ng kanilang motibasyon upang higit pang mapaunlad ang kanilang pagganap sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 6**
**Pananaw ng mga mag-aaral sa BSED Filipino sa epekto ng pidbak sa pagkatuto**

| Isyung Sinuri | Pangunahing Ideya | Code/Kategorya | Pangunahing Tema | Teoritikal na Suporta |
|---|---|---|---|---|
| Positibong pidbak na nagsisilbing batayan sapagbuo ng tiwala at kumpyansa sa sarili sa pagkatuto ng wikang Filipino | • Nagiging batayan ang pidbak ng guro sa tiyak at kumpyansa sa pagbibigay ng malinaw na ideya sa paggamit ng wikang Filipino.<br>• Gabay ang pidbak ng guro sa pagpapalakas ng kumpyansa,pagsisikap at tiyaga na pagbutihin ang kaalaman sa wikang Filipino.<br>• Nagiging batayan ang pidbak ng Guro sa pagbuo ng kumpyansa na paghusayin ang pag-aaral sa wikang Filipino<br>• Malaking batayan ang pidbak ng guro sa kumpyansa at tiwala sa sarili sa pagpalawak ng pagkatuto ng wikang Filipino | Nagsisilbing Gabay at Motibasyon sa Pagkatuto ng Wika | Ang kahalagahan sa pagtanggap ng konstruktibong pidbak sa kumpyansa at motibasyon sa pagkatuto ng wikang Filipino | Teoryang Operant Conditioning(**Theory of Operant Conditioning)** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Nagiging batayan ang pidbak ng Guro sa pagbuo ng tiwala at kumpyansa sa pag report | | | |
| | • Positibong pidbak na nag iingganyo na magpursigi at gagalingan sa pagkatuto ng wikang Filipino.<br>• Pagtanggap ng positibong pidbak na ma kumbinsi na matuto.<br>• Nakatutulong ang malinaw at positibong pidbak sa motibasyon na maging aktibo at interesado sa pagsalita at pagsusulat ng sanaysay.<br>• Malaking inspirasyon ang konstruktibong pidbak mula sa guro na lumahok sa mga aktibidad sa pagkatuto ng wikang Filipino.<br>• Nagiging Inspirasyon ang konstruktibong pidbak na malaman o matukoy ang kaalaman mula sa sarili.<br>• Nagiging inspirasyon ang konstruktibong pidbak ng guro na mahikayat ang mag-aaral sa pagkatuto<br>• Nagiging inspirasyon ang konstruktibong pidbak sa proseso na maging malinaw sa mga kakulangan<br>• Nagiging inspirasyon ang konstruktibong pidbak upang hikayatin ang mga mag-aaral na maging aktibo sa paglahok sa mga aktibidad. | Positibong Epekto ng Mabuting Komento sa Motibasyon ng Mag-aaral | | |
| | • Nagiging Inspirasyon ang konstruktibong pidbak na malaman o matukoy ang kaalaman mula sa sarili<br>• Nagiging inspirasyon ang konstruktibong pidbak ng guro na | Positibong Resulta ng Pagbibigay ng konstruktibong pidbak sa mga Mag-aaral | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mahikayat ang mag-aaral sa pagkatuto<br>• Nagiging inspirasyon ang konstruktibong pidbak sa proseso na maging malinaw sa mga kakulangan<br>• Nagiging inspirasyon ang konstruktibong pidbak upang hikayatin ang mga mag-aaral na maging aktibo sa paglahok sa mga aktibidad. | | | |
| Rekomendasyon na magkaroon ng emosyonal koneksyon ang guro at mga mag-aaral sa pagbibigay ng pidbak sa pagkatuto ng wikang Filipino | • Rekomendasyon na mag re-resulta sa malawak na kaalaman sa pag-iisip at pag-unawa<br>• Positibong rekomendasyon sa institusyon upang maging madali ang pagkatuto at interes sa wikang Filipino<br>• Rekomendasyon na maging direkta sa pagbibigay ng pidbak na may konsiderasyon | Panghihikayat na Magbigay ng Mabuting Komento sa mga Mag-aaral | Ang pagbibigay ng rekomendasyon na nakakapag build sa koneksyon ng guro at mag-aaral sa pagkatuto ng wikang filipino | Teoryang sosyo-kultural<br><br>(Theory of Social culture) |
| | • Malaki ang papel ng emosyon sa pagitan ng guro at mag-aaral na magpabubuti sa kahusayan at pagkatuto ng wika<br>• Nakatutulong ang positibong pidbak na magkaroon ng emosyonal na koneksyon sa pagitan ng mag-aaral at guro<br>• Mabuting ugnayan at bukas sa pagtanggap ng pidbak para sa ikakabuti at respeto<br>• Nakatutulong ang emosyonal na koneksyon na maging bukas sa pagtanggap ng pidbak | Pagbibigay ng Komento bilang Salik sa Pagpabubuti ng Emosyonal na Ugnayan ng Guro at Mag-aaral | | |

**Antas ng pag-uugali tungo sa pagkatuto ng Wikang Filipino**

Ang antas ng pag-uugali tungo sa pagkatuto ng Wikang Filipino, batay sa pag-uugaling aspekto, ay mataas, na nangangahulugang ito ay madalas na ipinapakita ng mga mag-aaral na major sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang kanilang positibong saloobin, interes, at motibasyon sa pag-aaral ng wika ay may mahalagang papel sa kanilang akademikong pag-unlad. Ang mataas na antas ng pag-uugaling aspekto ay nagpapakita ng kanilang aktibong pakikilahok at pagsisikap na higit pang mapahusay ang kanilang kasanayan sa Filipino. Dahil dito, mahalagang patuloy na pagyamanin ang kanilang positibong disposisyon sa pamamagitan ng makabuluhang pagtuturo at mas epektibong estratehiya sa pagkatuto.

Ito ay konektado dahil ito'y isinaad na ang aspekto ng pag-uugali sa saloobin sa wika ay mahalaga sapagkat ito ay direktang nakakaapekto sa kung paano nakikisalamuha at ginagamit ng mga indibidwal ang wika sa iba't ibang konteksto ng lipunan at edukasyon. Ang pag-unawa sa ugnayang ito ay tumutulong sa mga guro at mga gumagawa ng polisiya na magdisenyo ng mas epektibong pagtuturo ng wika at mga sistema ng suporta na

nagpo-promote ng positibong saloobin at pag-uugali Kapag positibo ang mga saloobin, mas malaki ang posibilidad na ang mga mag-aaral ay aktibong makikilahok, hahanap ng mga pagkakataon para sa pagsasanay sa wika, at magpapaunlad ng malalakas na kasanayan sa komunikasyon, na mahalaga para sa kahusayan at tagumpay sa pagkatuto ng wika, Kirilenko (2024) .

Bukod dito, ipinakita din na ang pagkilala na ang mga saloobin ay may epekto sa pag-uugali sa wika ay nagbibigay-daan para sa mga tiyak na interbensyon upang matugunan ang mga negatibong pananaw o mga hadlang na maaaring pumigil sa epektibong paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng pagbuo ng isang kapaligiran sa pagkatuto na nagtataguyod ng positibong saloobin at nag-aalis ng mga hadlang, maaaring mapalakas ng mga guro ang motibasyon, paglahok, at sa huli, ang pagkatuto at kakayahan sa wika ng mga mag-aaral, Yuliani et al., (2023).

Ang antas ng pag-uugali tungo sa pagkatuto ng Wikang Filipino, batay sa aspektong kognitibo ng pagtingin sa wika, ay mataas, na nangangahulugang ito ay madalas na ipinapakita ng mga mag-aaral na major sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang kanilang kakayahang maunawaan, suriin, at bigyang-halaga ang Wikang Filipino ay malaki ang naiambag sa kanilang pagkatuto. Ang mataas na antas ng kognitibong pananaw sa wika ay nagpapakita ng kanilang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa istruktura, gamit, at kahalagahan ng Filipino bilang midyum ng komunikasyon at pagkatuto. Dahil dito, mahalagang ipagpatuloy at higit pang pagyamanin ang mga estratehiya sa pagtuturo na naglalayong palalimin ang kanilang kognitibong kasanayan sa wika.

Ang kognitibong aspekto ng saloobin sa wika ay kinabibilangan ng interaksyon ng mga kamalayan at di-kamalayang proseso, kung saan ang mga katangian ng wika ay nagdudulot ng mga asosasyon sa mga paniniwala tungkol sa mga tagapagsalita, na nakakaapekto sa parehong implicit at explicit na mga tugon sa loob ng isang sistema ng paniniwala sa kultura. Ang pag-unawa sa ganitong interaksiyon ay nagbibigay-liwanag sa kung paano ang mga saloobin sa wika ay nabubuo at nagbabago batay sa karanasan, kultura, at sosyal na konteksto, Wei (2022),

Ang antas ng pag-uugali tungo sa pagkatuto ng Wikang Filipino, batay sa emosyonal na aspekto ng pagtingin sa wika, ay mataas, na nangangahulugang ito ay madalas na ipinapakita ng mga mag-aaral na major sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang kanilang damdamin at saloobin patungkol sa Wikang Filipino ay positibo, na nagbubunsod ng mas mataas na motibasyon at interes sa pagkatuto. Ang mataas na antas ng emosyonal na koneksyon sa wika ay nagpapakita ng kanilang pagpapahalaga at pagmamalasakit sa paggamit at pagpapanatili ng Filipino bilang pangunahing midyum ng komunikasyon at pagkakakilanlan. Dahil dito, mahalagang palakasin pa ang mga estratehiyang panturo na nakapagpapalalim ng kanilang emosyonal na ugnayan sa wika upang mapanatili ang kanilang sigasig sa pagkatuto.

Ayon sa pag-aaral, ang mga teksto na nagdudulot ng emosyon ay nagpapataas ng motibasyon at paglahok ng mga mag-aaral, ayon sa mga pag-aaral na nagpapakita na ang mga kwento o naratibo na may halong katatawanan ay nagdudulot ng malalakas na emosyonal na reaksyon, na nagpo-promote ng mas malalim na koneksyon sa materyal. Ang ganitong uri ng teksto ay hindi lamang nagpapasaya kundi nag-iimpluwensya rin sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral at pag-unawa sa paksa, Daszkiewicz (2023),
Sa kabilang banda, labis na pagbibigay-diin sa mga emosyonal na aspekto ay maaaring makaapekto sa mga kasanayang kognitibo at praktikal na kinakailangan para sa pagiging bihasa sa wika, na nagmumungkahi ng pangangailangan para sa isang balanseng paglapit na nagsasama ng parehong emosyonal at kognitibong dimensyon sa edukasyon ng wika. Ang ganitong paglapit ay maaaring magbigay ng mas komprehensibong paraan ng pagkatuto, na nagpo-promote ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na antas ng kahusayan sa komunikasyon, Lai et al. (2024),

**Talahanayan 7**
**Pagpapakita ng Mahalagang Natuklasan sa Pinagsanib na Kwantitatibo at Kwalitatibo**

| Aspekto o Focal Point | Kwantitatibong natuklasan | Kwalitatibong natuklasan | Likas na integrasyon ng datos | Axiological na implikasyon |
|---|---|---|---|---|
| Pidbak ng guro sa pagkatuto ng wika | Sa talahanayan 6 sa Antas ng Pidbak ng guro, Ayon sa negatibong pidbak aytem 2- ang aming guro ay tinitiyak na maitama ang aming mga pagkakamali matapos ang | Talahanayan 5 sa karanasan ng mga mag-aaral sa pidbak ng guro na may code na nakatanggap ng mga Negatibong Komento ang mga mag-aaral mula sa Guro na binibigyang-diin ng pangunahing | *Merging-Converging* | Ito ay nagsasaad na ang pagbibigay ng negatibong pidbak ay nagiging hamon na maitama ang mga pagkakamali sa pagkatuto wikang Filipino, ito ay sinang-ayonan ng kwantitatibong datos bilang nakakuha ito ng napakataas na mean score at pinatunayan ng kwalitatibong datos |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pagbibigay ng mga pidbak.na may mean score na 4.38 at may deskriptibong katumbas na napakataas | tema na pagtanggap ng negatibong pidbak bilang hamon sa pagkatuto | | |
| | Sa talahanayan 6 sa Antas ng Pidbak ng guro, Ayon sa negatibong pidbak aytem 4- ang aming guro ay nagbibigay ng pidbak kung paano mapabuti ang mga pagkakamali na aming nagawa.na may mean score na 4.35 at may deskriptibong katumbas na napakataas | Talahanayan 5 sa karanasan ng mga mag-aaral sa pidbak ng guro na may code na hamon sa pagtanggap ng pidbak mula sa guro na binibigyang-diin ng pangunahing tema na pagtanggap ng negatibong pidbak bilang hamon sa pagkatuto | *Merging-Converging* | Ito ay nagsasaad na ang pagbibigay ng negatibong pidbak ay nagiging hamon na mapapabuti ang mga pagkakamaling nagawa, ito ay sinang-ayonan ng kwantitatibong datos bilang nakakuha ng napakataas na mean score at pinatunayan ng kwalitatibong datos |
| | Sa talahanayan 4 sa Antas sa Pidbak ng Guro, Ayon sa Mga pakinabang ng pidbak aytem 3- ang pidbak ng aming guro ang nagiging daan na makita ang aming mga kakulangan na may mean score na 4.46 at may deskriptibong katumbas na napakataas | Talahanayan 5 sa karanasan ng mga mag-aaral sa pidbak ng guro na may code na kahalagahan ng regular na konsultasyon sa mga Mag-aaral na nangangailangan ng gabay na binibigyang-diin ng pangunahing tema na nakatutulong ang positibong konsultasyon sa pagtutuwid at pangangailangan ng mag-aaral | *Merging-Converging* | Ito ay nagsasaad na ang pagbibigay ng pidbak ay nagiging gabay na makita ang pangangailangan na dapat ituwid, ito ay sinang-ayonan ng kwantitatibong datos bilang nakakuha ng napakataas na mean score at pinatunayan ng kwalitatibong datos |
| Pag-uugali tungo sa pagkatuto ng wikang Filipino | Sa talahanayan 5 sa antas sa Pidbak ng Guro, Ayon sa Estruktura ng Pidbak sa aytem 3- ang aming guro ay nagbibigay ng konstrak at positibong pidbak sa aming mga gawain na may mean score na | Talahanayan 6 sa pananaw ng mga mag-aaral sa epekto ng pidbak ng guro sa pagkatuto na may code na pananaw sa positibong resulta ng pagbibigay ng konstruktibong pidbak sa mga | *Merging-Converging* | Ito ay nagsasaad na ang konstruktibong pidbak ay nagpapakita ng positibong resulta sa kumpyansa at motibasyon sa pagkatuto ng wika, ito ay sinang-ayonan ng kwantitatibong datos bilang nakakuha ng napakataas na mean score at pinatunayan ng kwalitatibong datos |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4.43 at may deskriptibong katumbas na napakataas | mag-aaral na binibigyang-diin ng pangunahing tema na pananaw sa kahalagahan ng pagtanggap ng konstruktibong pidbak sa kumpyansa at motibasyon sa pagkatuto ng wikang Filipino | | |
| | Sa Talahanayan 4 sa Antas ng Pidbak ng Guro ayon sa Mga pakinabang ng pidbak sa aytem 5- ang pidbak ng aming guro ang nagbibigay motibasyon na mas pagbutihin pa ang pag-aaral na may mean score na 4.49 at may deskriptibong katumbas na napakataas | Sa Talahayan 6 sa pananaw ng mga mag-aaral sa epekto ng pidbak ng guro sa pagkatuto na may code na positibong epekto ng mabuting Komento sa motibasyon ng Mag-aaral. | *Merging-Converging* | Ito ay nagsasaad na ang epekto ng positibong pidbak ay nagbibigay ng motibasyon sa pagkatuto, ito ay sinang-ayonan ng kwantitatibong datos bilang nakakuha ng napakataas na mean score at pinatunayan ng kwalitatibong datos |

**Pinagsamang Pagpapakita ng Mahahalagang Natuklasang Kuwantitatibo at Kwalitatibo Kapaligiran sa Pag-aaral.**

Ang kapaligiran sa pag-aaral ay may mahalagang papel sa akademikong pagganap at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang isang positibong kapaligiran ay nagtataguyod ng motibasyon, tiwala sa sarili, at aktibong partisipasyon sa klase. Kapag ang isang silid-aralan ay may malayang atmospera kung saan ipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga ideya nang may kumpiyansa, mas nagiging epektibo ang kanilang pagkatuto. Ang maayos na kapaligiran ay hindi lamang nakatuon sa pisikal na aspeto ng silid-aralan kundi pati na rin sa emosyonal at sosyal na suporta na natatanggap ng mga mag-aaral mula sa kanilang mga guro at kaklase.

Ayon kay Dörnyei and Muir (2019) ang pagkatuto ng isang indibidwal ay lubos na naaapektuhan ng kanyang kapaligiran. Ang interaksyon sa loob ng silid-aralan ay magpalakas o magpahina sa kakayahan ng isang mag-aaral na makibahagi sa talakayan at iba pang gawain sa klase. Kapag ang isang guro ay lumilikha ng isang sumusuportang kapaligiran, mas nagiging bukas ang mga mag-aaral sa pagtanggap ng bagong kaalaman at sa pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kaklase.

Ayon naman kina Cai et al. (2022), ang pisikal na aspeto ng kapaligiran sa pag-aaral ay may direktang epekto sa konsentrasyon at pagganap ng mga mag-aaral. Ang sapat na liwanag, maaliwalas na silid-aralan, at maayos na pagkakaayos ng mga upuan ay may malaking ambag sa pagiging produktibo ng mga mag-aaral. Ang hindi maayos na kapaligiran, tulad ng magulong silid-aralan o maingay na paligid, ay maging sanhi ng stress at kawalan ng atensyon sa aralin.

Samantala, ayon kay Cayubit (2022), ang emosyonal na aspeto ng kapaligiran sa pag-aaral ay kasinghalaga ng pisikal na aspeto. Kapag ang isang mag-aaral ay nakakaramdam ng seguridad at suporta mula sa kanyang guro at kaklase, mas nagiging madali para sa kanya na harapin ang mga hamon sa pagkatuto. Ang pagkakaroon ng isang positibo at inklusibong kapaligiran ay tumutulong sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mag-aaral at pagpapabuti ng kanilang akademikong kasanayan.

**Kakulangan sa Kagamitan.** Ang kakulangan sa kagamitan ay isa sa mga pangunahing hadlang sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kawalan ng sapat na aklat, gamit pang-eskwela, at teknolohikal na kagamitan ay magdulot ng limitasyon sa kanilang akademikong pagganap. Ang mga mag-aaral na walang access sa tamang kagamitan ay nahihirapang makasabay sa kanilang mga aralin, lalo na sa mga kursong nangangailangan ng espesyalisadong materyales. Ang problemang ito ay hindi lamang isang isyu sa paaralan kundi isang mas

malawak na usapin na may kaugnayan sa sistemang pang-edukasyon at suporta mula sa pamahalaan. Ayon kay Trinidad (2020), ang epektibong pagkatuto ay nakasalalay sa pakikilahok ng isang mag-aaral sa kanyang kapaligiran, kabilang ang paggamit ng mga angkop na kagamitan. Kung walang sapat na kagamitan, nagiging mahirap para sa mga mag-aaral na makibahagi sa mga interaktibong gawain at makuha ang kinakailangang impormasyon para sa kanilang pagkatuto. Ang limitasyong ito ay humantong sa pagbaba ng kanilang motibasyon at kumpiyansa sa sarili.

Ayon naman kina Mhlongo et al. (2023), ang kakulangan sa kagamitan ay may direktang epekto sa kalidad ng edukasyon. Ang mga gurong nagtuturo sa mga pampublikong paaralan na may limitadong mapagkukunan ay nahihirapang magbigay ng sapat na suporta sa kanilang mga mag-aaral. Dahil dito, nagiging limitado rin ang mga oportunidad para sa mga mag-aaral na mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng hands-on na mga aktibidad.

Samantala, binigyang-diin nina Ferreira et al. (2020) na ang teknolohikal na kakulangan ay isang malaking hadlang sa makabagong paraan ng pagkatuto. Sa panahon ngayon, ang paggamit ng mga digital na kagamitan tulad ng computer, tablet, at internet ay napakahalaga sa edukasyon. Gayunpaman, maraming mag-aaral ang walang access sa mga teknolohiyang ito, na naglalagay sa kanila sa hindi patas na kalagayan kumpara sa mga may kakayahang gumamit ng mga makabagong kagamitan. Ang agwat sa digital access ay nagiging sanhi ng pagkakaiba sa kalidad ng edukasyon na natatanggap ng bawat mag-aaral.

**Oportunidad para sa Mag-aaral.** Ang pagkakaroon ng sapat na oportunidad sa pag-aaral ay isang mahalagang salik sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Ang iba't ibang pagkakataon para sa pagkatuto, tulad ng akses sa de-kalidad na edukasyon, scholarship, pagsasanay, at iba pang programang pang-akademiko, ay nagbibigay-daan sa kanila na mapaunlad ang kanilang kakayahan. Kapag ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng pantay na oportunidad, mas nagiging madali para sa kanila na maabot ang kanilang mga pangarap at makibahagi sa lipunan bilang produktibong mamamayan. Samakatuwid, ang pagbibigay ng sapat na suporta at oportunidad sa edukasyon ay isang mahalagang hakbang upang matiyak ang mas inklusibo at patas na sistema ng edukasyon.

Ayon kay Müller and Mildenberger (2021), ang oportunidad na ibinibigay sa mga mag-aaral ay may malaking epekto sa kanilang motibasyon at pagganap sa akademya. Ang mga mag-aaral na may akses sa mas maraming oportunidad ay mas nagiging tiwala sa kanilang kakayahan at mas mataas ang posibilidad na magtagumpay sa kanilang larangan. Ang pagkakaroon ng suportadong kapaligiran at sapat na mapagkukunan ay nagiging inspirasyon para sa kanila na pagbutihin ang kanilang pag-aaral at gamitin ang kanilang potensyal nang lubusan.

Ayon naman kina Wong et al. (2019), ang oportunidad sa edukasyon ay hindi lamang tungkol sa pagkakaroon ng sapat na mapagkukunan kundi pati na rin sa kalidad ng pagtuturo at mga programa ng paaralan. Ang mga gurong may sapat na pagsasanay at suporta ay mas epektibong naihahatid ang kaalaman sa kanilang mga estudyante. Bukod dito, ang mga paaralan na may mas maraming oportunidad para sa pagsasanay at ekstrakurikular na gawain ay mas nagagabayan ang mga mag-aaral sa kanilang personal at propesyonal na pag-unlad.

Samantala, binigyang-diin nina Cheung et al. (2021) na ang tunay na oportunidad ay hindi lamang tungkol sa pagkakaroon ng pagpipilian kundi sa kakayahang gamitin ang mga ito upang mapabuti ang sariling buhay. Ang mga mag-aaral na may sapat na oportunidad sa edukasyon ay hindi lamang nagkakaroon ng kaalaman kundi nagkakaroon din ng kakayahang gumawa ng mas mahuhusay na desisyon sa hinaharap. Sa pamamagitan ng sapat na suporta mula sa paaralan, pamilya, at pamahalaan, mas nagiging epektibo ang mga programa upang matulungan ang mga mag-aaral na maabot ang kanilang mga layunin.

**Kolaborasyon Tungo sa Pagkatuto.** Ang kolaborasyon ay isang mahalagang aspeto ng epektibong pagkatuto sapagkat ito ay nagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral, guro, at iba pang kasapi ng komunidad pang-akademiko. Sa pamamagitan ng sama-samang pag-aaral, mas nagiging malawak ang perspektiba ng mga mag-aaral, natututo silang makipagtulungan, at mas napapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga aralin. Ang kolaboratibong pagkatuto ay hindi lamang nakatuon sa akademikong tagumpay kundi pati na rin sa paghubog ng mga kasanayang panlipunan na mahalaga sa hinaharap. Dahil dito, ang pagsasanay sa pagtutulungan sa loob ng silid-aralan at sa iba't ibang gawaing pang-edukasyon ay isang mahalagang hakbang tungo sa mas epektibong sistema ng pagkatuto.

Ayon kay Erbil (2020) ang pagkatuto ay nagaganap sa isang sosyal na konteksto kung saan ang interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro ay may mahalagang papel sa intelektwal na pag-unlad. Ang kolaborasyon ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na matuto mula sa isa't isa sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ideya, karanasan, at kaalaman. Sa pamamagitan ng scaffolded learning, o ang pagbibigay ng suporta habang natututo, mas nagiging madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga mahihirap na konsepto.

Ayon naman kina Keramati and Gillies (2021), ang pagtutulungan sa loob ng isang grupo ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng pagganyak sa pag-aaral. Ang mga mag-aaral na bahagi ng isang suportadong pangkat ay mas nagiging handang magbigay ng kontribusyon at mas nagiging aktibo sa kanilang pagkatuto. Sa halip na nakasalalay lamang sa sarili nilang kakayahan, natututo silang humingi ng tulong at magbahagi ng kanilang nalalaman, na siyang nagreresulta sa mas malalim na pang-unawa sa aralin.

## V. KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na konklusyon:

Una, ang antas ng pidbak ng guro ay napakataas sa iba't ibang aspekto gaya ng Pidbak na Pagtulong (Pagtutuwid), Pormatib na Pidbak, Mga Pakinabang ng Pidbak, at Estruktura ng Pidbak. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral sa KCAST ay palagiang nagpapamalas ng epektibong pidbak sa kanilang mga klase. Samantala, ang antas ng pag-uugali ng mga mag-aaral tungo sa pagkatuto ng Wikang Filipino ay mataas batay sa iba't ibang aspekto tulad ng Kognitibong Pagtingin sa Wika at Emosyonal na Aspekto ng Pagkatuto.

Ikalawa, natuklasan ng pag-aaral ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pidbak ng guro at pag-uugali ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Wikang Filipino gamit ang Mean, Standard Deviation, at Pearson r. Ipinapakita ng mga resulta na may positibong kaugnayan ang epektibong pagbibigay ng pidbak sa pag-unlad ng akademikong pagganap at motibasyon ng mga mag-aaral.

Ikatlo, isinagawa ang tematikong pagsusuri sa mga sagot ng mga mag-aaral sa isinagawang malalimang panayam (IDI). Ang resulta nito ay nagbigay ng higit pang impormasyon hinggil sa kanilang mga karanasan at pananaw sa epekto ng pidbak ng guro sa kanilang pagkatuto ng Wikang Filipino. Napag-alamang ang mga mag-aaral ay may iba't ibang karanasan na nakaaapekto sa kanilang pag-uugali sa pagkatuto, batay sa sumusunod na mga tema: Nakatanggap ng mga Negatibong at Pagkakaroon ng Konsultasyon.

Ikaapat, batay sa sagot ng mga mag-aaral, natukoy rin ang mga sumusunod na tema na nagpapakita ng kanilang mga pananaw sa pagbibigay ng positibong komento at motibasyon sa pagkatuto ng Wikang Filipino: Positibong Epekto ng Mabuting Komento sa Motibasyon ng Mag-aaral. Ang Kahalagahan ng Pagbibigay ng Komento sa mga Mag-aaral.

Panghuli, upang mas maunawaan ang kaugnayan ng pidbak ng guro at pag-uugali ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Wikang Filipino, sinuri ang mga sagot sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri upang kumpirmahin ang resulta ng kwantitatibong datos. Lumabas sa pag-aaral na may mataas na antas ng pidbak ang mga guro sa KCAST at may mataas na antas ng pag-uugali ng mga mag-aaral tungo sa pagkatuto ng Wikang Filipino. Ang parehong resulta mula sa kwantitatibo at kwalitatibong bahagi ng pag-aaral ay nagpapatunay na may makabuluhang ugnayan ang pidbak ng guro sa pag-uugali at motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Wikang Filipino.

## TALASANGGUNIAN


[1] {Aslam, R., Khan, N., & Oad, L. (2021). Constructive Feedback, Learning Motivation and Academic Achievement in Chemistry Subject: Qualitative Experiences from Classroom Intervention. Global Educational Studies Review, VI(I), 341–353. https://doi.org/10.31703/gesr.2021(vi-i).34

[2] Babanto, M. G., Babanto, M. D., Bante, M. A., Camua, R. D., De Leon, M. a. S., Guinto, G. G., Macalino, M. S., Mangulabnan, G. O., Mercado, M. F. A., Natividad, R. R., Fabian-Perona, E., Santos, P. J. P., Torres, M. L. B., & Anicas, R. P. (2023). Attitudes towards Philippine English: The case of ESL teachers in selected provinces in central Luzon, Philippines. International Journal of Multidisciplinary Applied Business and Education Research, 4(7), 2525–2534. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.07.29

[3] Bambol, E. S., & Nur, A. (2022). Language Attitude among Form Four Students in ESL Classroom at Tebedu Secondary School, Sarawak. Higher Education and Oriental Studies, 2(4). https://doi.org/10.54435/heos.v2i4.69

[4] Benson-Goldberg, S., & Erickson, K. A. (2021). Praise in education. Oxford Research Encyclopedia of Education. https://doi.org/10.1093/acrefore/9780190264093.013.1645

[5] Berthele, R. (2019). Attitudes and Mental model of language: On the cognitive foundation of sociolinguistic practice. Målbryting, 6. https://doi.org/10.7557/17.4752

[6] Bhattacharyya, H., Vagha, J., Medhi, G., Pala, S., Chutia, H., Bora, P., & Visi, V. (2020). Introduction of structured feedback for MBBS students: Perception of students and faculty. Journal of Education and Health Promotion, 9(1), 285. https://doi.org/10.4103/jehp.jehp_406_20

[7] Chand, S. P. (2023). Constructivism in Education: Exploring the contributions of Piaget, Vygotsky, and Bruner. International Journal of Science and Research (IJSR), 12(7), 274–278. https://doi.org/10.21275/sr23630021800

[8] Charalampous, A. K., & Darra, M. (2024). The contribution of Teacher feedback to the revision of Student's work in Primary and Secondary Education: A Systematic Literature review. International Journal of Learning and Development, 14(3), 18. https://doi.org/10.5296/ijld.v14i3.21991

[9] Conception. (2022, November 21). Attitude to Learning - The Lakes School. The Lakes School. https://thelakesschool.com/the-lakes-school

[10] Corpus, J. H., & Good, K. (2020). The effects of praise on children's intrinsic motivation revisited. In Routledge eBooks (pp. 39–46). https://doi.org/10.4324/9780429327667-7

[11] Darra, M. (2023). The Contribution of Teacher feedback to Learners' Work Revision: A Systematic Literature review. World Journal of Education, 13(3), 40. https://doi.org/10.5430/wje.v13n3p40

[12] Daszkiewicz, M. (2023). Linguistic education getting emotional. Educational Role of Language Journal, 2023–1(9), 4–5. https://doi.org/10.36534/erlj.2023.01.00

[13] De Wijse-Van Heeswijk, M. (2023). Facilitation interventions to increase learning effectiveness in game simulations. A generic approach of facilitation applicable to a broad variety of simulation games. In Springer texts in education (pp. 53–85). https://doi.org/10.1007/978-3-031-21011-2_4

[14] Duah, I., & Mensah, S. E. (2020). An exploratory study of language attitudes among second cycle students in the New Juaben municipality of Ghana. International Journal of Technology and Management Research, 2(2), 51–58. https://doi.org/10.47127/ijtmr.v2i2.58

[15] Fayazi, M., Fotowat, A., & Kavehvash, Z. (2019). A simplified approach to Two-Port analysis in feedback. SciSpace - Paper. https://typeset.io/papers/a-simplified-approach-to-two-port-analysis-in-feedback-j6mf3l3enw

[16] Hinojosa, J., Moreno, E., Ferré, P., & Pozo, M. (2020). Emotional aspects of language. ANALES RANM, 135(135(02)), 41–46. https://doi.org/10.32440/ar.2018.135.02.supl01.art04

[17] Höflich, S. (2023). Formatives feedback. Schule Verantworten | Führungskultur_Innovation_Autonomie, 3(3). https://doi.org/10.53349/schuleverantworten.2023.i3.a342

[18] Hofmann, V., & Chacron, M. J. (2019). Novel functions of feedback in electrosensory processing. Frontiers in Integrative Neuroscience, 13. https://doi.org/10.3389/fnint.2019.00052

[19] Hossain, K. I., Ahmed, M. K., & Mahmud, M. S. (2024). A Comprehensive review on the impact of teacher feedback in language development for ESL/EFL learners. IUBAT Review, 7(1), 218–229. https://doi.org/10.3329/iubatr.v7i1.74421

[20] Hromko, T., & Klochek, L. (2023). THE PROBLEM OF EXPRESSING THE ATTITUDE OF DIALECTAL AND LITERARY LANGUAGE NORMS IN LOCAL SPEECH. Research Bulletin Series Philological Sciences, 204, 23–27. https://doi.org/10.32782/2522-4077-2023-204-3

[21] Hung, P. C., & Zu, W. C. (2020). Structure and frabicating method of distibuted feedback laser. SciSpace - Paper. https://typeset.io/papers/structure-and-frabicating-method-of-distibuted-feedback-36tmpm4chz

[22] Johnson, D. A., Johnson, C. M., & Dave, P. (2022). Performance feedback in organizations: understanding the functions, forms, and important features. Journal of Organizational Behavior Management, 43(1), 64–89. https://doi.org/10.1080/01608061.2022.2089436

[23] Junchao, H., Xinwen, W., Mingyuan, Y., & Lin, Y. (2020). Feedback locking structure capable of simultaneously realizing laser frequency stabilization and noise suppression. SciSpace - Paper. https://typeset.io/papers/feedback-locking-structure-capable-of-simultaneously-1eqkmkhy68

[24] Kaur, D., Negi, G., Jain, A., Meinia, S. K., Sidhu, T. K., & Rathore, B. B. (2023). Structured feedback: A teaching and learning tool for the postgraduate medical students in transfusion medicine. Asian Journal of Transfusion Science, 17(1), 13–20. https://doi.org/10.4103/ajts.ajts_127_21

[25] Kim, Y. (2024). Balancing Feedback for Optimal Learning: Evaluative and Descriptive Methods in English Language Classrooms. ResearchGate, 54, 43–62. https://doi.org/10.69822/kdps.2024.54.43

[26] Kirilenko, S. V. (2024). Language attitudes: sociolinguistic aspect. RESEARCH RESULT Theoretical and Applied Linguistics, 10(1), 17–30. https://doi.org/10.18413/2313-8912-2024-10-1-0-2

[27] Konyk, M. (2022). Praise: a tool for family education of human personality in European integration processes today. ResearchGate, spec, 37–49. https://doi.org/10.24919/2522-4700.spec.3

[28] Lai, V. T., Pfeifer, V., & Ku, L. (2024). Emotional language processing: An individual differences approach. In ˜The œPsychology of learning and motivation/˜The œpsychology of learning and motivation (pp. 73–104). https://doi.org/10.1016/bs.plm.2024.03.006

[29] Laranjeira, M., & Teixeira, M. O. (2023). Children's perceptions of teacher feedback: Portuguese validation of a scale. International Journal of School & Educational Psychology, 11(4), 334–343. https://doi.org/10.1080/21683603.2023.2243854

[30] Lee, S., & Choe, H. (2019). Modelling beliefs, attitudes, and behaviours regarding the spread of English. English Today, 37(2), 66–75. https://doi.org/10.1017/s0266078419000452

[31] Li, Y., & Hu, B. (2020). Research on Education Reform of Negative Feedback Teaching Process Based on Cloudy Computing. ResearchGate. https://doi.org/10.1109/icndc.2012.19

[32] Marbibi, D. (2022). Teachers' Feedback: Influence on First Year Social Studies Students' Motivation towards New Normal Learning in Leyte Normal University. International Journal of Social Science and Human Research, 05(07). https://doi.org/10.47191/ijsshr/v5-i7-3

[33] McPherson, G. E., & Blackwell, J. (2024). Teacher feedback in collegiate instrumental music lessons. Journal of Research in Music Education. https://doi.org/10.1177/00224294241265014

[34] Muste, D. (2020). The role of feedback in the teaching-learning process. Educatia 21, 19, 137–142. https://doi.org/10.24193/ed21.2020.19.17

[35] Pacheco, D. R. V., & Carchi, C. J. M. (2024). Attitude and motivation in language learning and teaching. In Editorial UTMACH eBooks (pp. 57–90). https://doi.org/10.48190/9789942241849.2

[36] Pantos, A. J. (2019). Applying the Implicit Association Test to language attitudes research. SciSpace - Paper. https://typeset.io/papers/applying-the-implicit-association-test-to-language-attitudes-4wax0cayak

[37] Pérez, R. C. (2020). Linguistic attitudes based on cognitive, affective and behavioral components in respect to Andalusian linguistic variation of Moroccan university students. SciSpace - Paper. https://typeset.io/papers/linguistic-attitudes-based-on-cognitive-affective-and-2ux0da3xpi

[38] Pettinelli, A., & Rauch, D. (2023). Il ruolo della funzione 'Feedback' nelle attività di Moodle. Lingue Culture Mediazioni - Languages Cultures Mediation (LCM Journal), 10(1). https://doi.org/10.7358/lcm-2023-001-pera

[39] Qimmahtum, R., Khairy, M. F. F., & Swandari, N. (2023). Student attitude towards English language learning in an urban senior High school in Batu: a survey. KnE Social Sciences. https://doi.org/10.18502/kss.v8i7.13252
[40] Qiu, X., Wang, C., & Zhang, T. (2023). Students' attitudes toward language learning and use in English-medium instruction (EMI) environments: a mixed methods study. Journal of Multilingual and Multicultural Development, 1–18. https://doi.org/10.1080/01434632.2023.2176506
[41] Rahman Bin Abdullah. (2019). issues in feedback learning. Advances in Social Sciences Research Journal, 5(11). https://doi.org/10.14738/assrj.511.5528
[42] Seliverstova, E. I., Volkova, L. B., & Ma, X. (2023). An emotion-evoking text in Cross-Cultural aspect: attitude and evalution. RUDN Journal of Language Studies Semiotics and Semantics, 14(1), 260–276. https://doi.org/10.22363/2313-2299-2023-14-1-260-276
[43] Selvaraj, A. M., Azman, H., & Wahi, W. (2021). Teachers' feedback practice and Students' Academic Achievement: A Systematic Literature review. International Journal of Learning Teaching and Educational Research, 20(1), 308–322. https://doi.org/10.26803/ijlter.20.1.17
[44] Sevinç, Y. (2022). 64 Emotion in migration and in language contact settings. In De Gruyter eBooks (pp. 1340–1362). https://doi.org/10.1515/9783110670851-032
[45] Sharkanloo, M. M., Honameh, F. T., & Shamir, M. S. (2023). A qualitative study on the role of constructive feedback in the development of individual skills in startup environments. 108), 3(2., مدیریت پویا و تحلیل کسب و کار– 115. https://doi.org/10.61838/dmbaj.2.3.10
[46] Sheikh, S., Nausheen, F., Arvizo-Zavala, J., & Hassan, S. S. (2023). Impact of unsolicited negative feedback in academic settings. Cureus. https://doi.org/10.7759/cureus.43640
[47] Sudyana, A., Putri, A., & Rosmansyah, Y. (2024). Feedback System in Educational Games: A Systematic Literature review. Jurnal Pendidikan Indonesia, 5(7), 304–323. https://doi.org/10.59141/japendi.v5i7.3059
[48] Syting, C. J. O., Malisobo, J. R., Salce, M., & Roasol, M. (2023). Teachers' written corrective feedback strategies through the lens of the students. Journal Corner of Education Linguistics and Literature, 3(2), 171–186. https://doi.org/10.54012/jcell.v3i2.227 Telech, D. (2022). Praise. Philosophy Compass, 17(10). https://doi.org/10.1111/phc3.12876
[49] Thomaes, S., & Leijten, P. (2020). Developmental psychology of praise. In Routledge eBooks (pp. 131–139). https://doi.org/10.4324/9780429327667-20
[50] Turculet, A. (2024). Feedback – a New Perspective in learning. A Constatative approach to feedback Literacy in Teacher education. Bulletin of the Transilvania University of Braşov Series VII Social Sciences • Law, 39–44. https://doi.org/10.31926/but.ssl.2024.17.66.1.9
[51] Weaver, J. C., Matangula, T. C., & Matney, G. (2024). The power of feedback in teacher education. International Journal for Lesson and Learning Studies. https://doi.org/10.1108/ijlls-01-2024-0001
[52] Wei, L. (2022). Language attitudes: construct, measurement, and associations with language achievements. Journal of Multilingual and Multicultural Development, 1–26. https://doi.org/10.1080/01434632.2022.2137516
[53] What is teacher feedback? (2022, November 10). Tes Magazine. https://www.tes.com/magazine/tes-explains/what-teacher-feedback#:~:text=https%3A%2F%2Fwww.tes.com,of%20further%20improving%20their%20learning.
[54] Wisniewski, B., & Zierer, K. (2021). Functions and success conditions of student feedback in the development of teaching and teachers. In Springer eBooks (pp. 125–138). https://doi.org/10.1007/978-3-030-75150-0_8
[55] Yuan, R., Qiu, X., Wang, C., & Zhang, T. (2023). Students' attitudes toward language learning and use in English-medium instruction (EMI) environments: a mixed methods study. Journal of Multilingual and Multicultural Development, 1–18. https://doi.org/10.1080/01434632.2023.2176506
[56] Yuliani, N. D., Najmiah, L., Hamdani, B., & Pratolo, B. W. (2023). EFL students' attitude toward English language learning. Journey Journal of English Language and Pedagogy, 6(1), 82–91. https://doi.org/10.33503/journey.v6i1.2590
[57] Zdilar, A. M. (2024). Attitudes towards English language learning in higher education. Educational Role of Language Journal, 2024–1(11), 46–55. https://doi.org/10.36534/erlj.2024.01.04
[58] Zhejia, G., Weiming, Q., Daiyuan, Y., & Zhihua, D. (2020). Amplifier with feedback structure. SciSpace - Paper. https://typeset.io/papers/amplifier-with-feedback-structure-5fbhsplv3a
[59] Ионова, С., & Вахрушева, М. (2022). A literary text in Russian language lessons: the emotional aspect. Russkii Iazyk Za Rubezhom, 6(289), 33–38. https://doi.org/10.37632/pi.2021.289.6.006